NATIONAL BOWELCANCER SCREENING PROGRAM

Australian Government

<Date> numero ng ID <Consumer ID>

<Participant Given Name> < Participant Family Name >
<Preferred Mailing Address>
<Preferred Mailing Address >
<LOCALITY> <STATE> <POSTCODE>

Mahal na <Participant Given Name> < Participant Family Name >

Alam mo ba na may halos 80 Australiano ang namamatay bawat linggo mula sa kanser sa bituka? Ang kanser sa bituka ay isa sa pinakakaraniwang mga kanser sa Australia, lalung lalo na sa mga taong nasa edad na lampas sa 50 taon. Ang magandang balita ay may isang simpleng pagsusuri na maaari mong magawa sa iyong sariling tahanan na makakatulong na matuklasan ang maagang mga palatandaan ng kanser sa bituka.

Ang pagsusuring ito ay maaaring makatuklas ng napakaliit na dami ng dugo sa iyong pagdumi. Ito ay maaaring palatandaan ng isang abnormalidad o kanser sa bituka at, kung matuklasan sa maagang yugto, ito ay maaaring madali at matagumpay na magamot.

Ipinakilala ng Pamahalaang Australia ang Pambansang Programa ng Screening ukol sa Kanser sa Bituka para sa mga taong patungo sa edad na 50, 55 at 65 taon sa pagitan ng Enero 2008 at Disyembre 2010 upang makatulong na pababain ang bilang ng mga Australianong namamatay bawat taon mula sa kanser sa bituka.

Sa susunod na ilang linggo, ikaw ay padadalhan ng pakete ng paanyaya na kabilang ang kit ng pagsusuri na may mga tagubilin at isang pang-impormasyong buklet. Ang pagsusuri ay libre at ang pagsasagawa ng pagsusuri ay aabot lamang ng ilang minuto sa dalawang magkaibang mga oras. Ang resulta ng pagsusuri ay ganap na magiging kompidensyal sa iyo at sa iyong doktor (kung may hinirang).

May ginawang espesyal na mga kaayusan upang mapili ng Rehistro ang iyong pangalan mula sa alinman sa mga talaan ng pagpapatala ng Medicare o ng Kagawaran ng mga Kapakanang Pangbeterano upang makapag-isyu ng sulat na ito at maanyayahan kang makilahok sa Programa. Ang iyong personal na impormasyon – katulad ng iyong pangalan, mga detalye ng pagkontak, edad, kasarian, numero ng Medicare, mga resulta ng iyong mga pagsusuri ng screening, at ang pangalan ng iyong doktor – ay protektado ng batas sa ilalim ng Privacy Act 1988.

Ang kanser sa bituka ay maaaring tumubo na may ilan, kung mayroon man, na maagang babalang mga palatandaan kaya mangyari lamang na maglaan ng oras upang mabasa ang impormasyon sa pakete ng paanyaya kapag natanggap ito, sa dahilang ang maagang pagtuklas ay ang pinakamahusay na proteksyon na mayroon tayo sa kasalukuyan upang malabanan ang kanser sa bituka.

Kung ikaw ay ginagamot na para sa kanser sa bituka o may isang kondisyong pangkalusugan na ipinapayo ng iyong doktor na maaaring maapektuhan ng pakikilahok sa Programa, maaari mong piliin na hindi lumahok o magsuspinde mula sa Programa sa pamamagitan ng pagkumpleto ng ‘Opt Off/Suspend’ Form sa pang-impormasyong buklet na kalakip sa pakete ng paanyaya.

Umaasa ako na pipiliin mong makilahok sa mahalagang Programang ito.

Tapat na sumasaiyo

Professor John Horvath AO
Pinunong Medikal na Opisyal

NBCSR XXX